



Pag-uulat ng Sekswal na Pang-aabuso

Sa Tingin Mo ba ay Umasal ang Iyong Doktor nang Hindi Nararapat?

Ang ugnayan sa pagitan ng pasyente at doktor ay batay sa tiwala. Nilalabag ng sekswal na pang-aabuso ng iyong doktor ang tiwalang iyon at hindi ito magiging katanggap-tanggap kailanman. Ang anumang sekswal na asal sa pagitan ng isang doktor at isang pasyente ay sekswal na pang-aabuso.

Kung sa tingin mo ay umasal ang iyong doktor nang hindi nararapat, gustong makarinig sa iyo ng College of Physicians and Surgeons of Ontario. Maaari kang magsimula sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-800-268-7096, ext. 629.

Bilang tagapangasiwa ng mga doktor sa probinsya, ang College ay walang pagpapahinuhod sa sekswal na pang-aabuso at iniimbestigahan namin ang bawat reklamo.

Maaaring mahirap ang umamin. Upang makatulong, gusto naming maunawaan mo kung bakit mahalaga ang pag-uulat sa posibleng sekswal na pang-aabuso – at kung ano ang iyong maaasahan kapag ginawa mo ito.

Paano ko makikilala ang sekswal na pang-aabuso?

Sa medisina, maaaring gamitin ng mga doktor ang kanilang mga kamay upang hawakan ang iba-ibang bahagi ng iyong katawan. Bahagi ito ng maraming kinakailangang klinikal na pagsusuri (halimbawa, upang makita ang iyong pangkalahatang kalusugan o suriin ang isang alalahaning mayroon ka). Kapag nangyari ito, dapat mong asahan na sabihin sa iyo ng doktor kung ano ang kaniyang gagawin, na humingi siya ng permisong hawakan ka, na hayaan kang magtanong at tratuhin ka nang may respeto. Obligado ang mga doktor na umasal sa propesyonal at kagalang-galang na paraan sa mga pasyente sa bawat pagkakataon.

Ang sekswal na pang-aabuso ay isang malubhang paglabag sa tiwala at maaaring ibilang dito ang mga sumusunod:

- Anumang uri ng sekswal na ugnayan sa isang pasyente.
- Hindi kinakailangan o hindi naaangkop na mga pisikal na pagsusuri.

Mga Halimbawa:

- paghipo sa iyong mga dibdib, ari, puwit o bahagi sa bandang balakang sa paraang hindi kinakailangan sa paggamot o pagsusuri;
- pagsusuri sa isang sekswal, sa halip na medikal na paraan; o
- paghipo sa iyo nang walang permiso o paliwanag.

Mayroon bang sinabi o ginawa sa iyo ang isang doktor na naging sanhi upang mailang ka? Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng sekswal na pang-aabuso sa kamay ng isang doktor na taga-Ontario, mangyaring tawagan ang College of Physicians and Surgeons of Ontario sa 1-800-268-7096, ext. 629.

• Hindi angkop na mga komento, galaw o asal.

Mga Halimbawa:

- sekswal na pagpapahaging;
- pagyayaya sa iyo sa isang date;
- pagsasabi ng mahahalay na komento ukol sa hitsura o pananamit mo;
- pagkokomento nang hindi kinkailangan tungkol sa iyong mga sekswal na ugnayan o piniling sekswalidad;
- mahalay na pagkokomento o pagbibiro na nakakainsulto o nakakasama ng loob; o
- pagbibigay nang hindi nararapat na atensyon (gaya ng paghalik at pagyakap).

Ang lahat ng ito ay itinuturing bilang sekswal na pang-aabuso kapag ginawa ito ng isang doktor sa isang pasyente.

Paano kung hindi ako tumutol?

Kahit pa hindi ka tumutol at sa palagay mo'y ikaw ay lumahok nang maluwa sa iyong kalooban, ayon sa batas, ang mga pagkilos/pananalita ng doktor ay hindi pa rin naaangkop at hindi katanggap-tanggap.

Minsan, hindi umaangal ang isang pasyente sa ginagawa ng doktor. Siguro nga ang pasyente pa ang nagsimula ng malapit/sekswal na ugnayan sa doktor. Hindi ito mahalaga. Hindi kinikilala ang pagpayag ng pasyente sa ganitong mga sitwasyon. Sa lahat ng sitwasyon, ito ay responsibilidad ng doktor at hindi kailanman ng pasyente, na unawain at panatilihin ang naaangkop na relasyon.

Bakit ko ito dapat sabihin sa College?

Ang College ay umaasa sa mga pasyente upang sabihin sa amin ang mga maling bagay. Ito ang tumutulong sa aming maprotektahan ang publiko. Kadalasan, napag-aalaman namin ang sekswal na pang-aabuso mula sa mga taong nagrereklamo.

Hindi natatangi ang mga insidente ng sekswal na pang-aabuso at kapag pinarating sa College ang nangyari, maaaring nakakatulong ka rin sa iba. Binibigyang-daan din kami ng iyong impormasyon na mas mahusay na makapag-imbestigata.

Makakatulong din sa iyo ang pag-uulat ng sekswal na pang-aabuso ng iyong doktor. Maaari ka rin nitong tulungan isara ang yugtong iyon. Malalaman mo na iniimbestigahan ng College ang nangyari at kumikilos.

Kanino ako magsasabi?

Maaari kang tumawag sa College upang pag-usapan ang iyong mga alalahanin, madagdagan ang nalalaman tungkol sa kung paano kami makakatulong at/o gumawa ng reklamo. Kapag ginawa mo ito, ang makakausap mo ay isang taong sumusuporta na may kaalaman sa panlipunang paglilingkod at sanay at bihasa sa pagtulong sa mga pasyenteng nakaranas ng sekswal na pang-aabuso. Maaari kang tumawag sa **1-800-268-7096, ext. 629**.

Sa unang tawag, hindi mo kailangang ibigay ang pangalan mo kung ayaw mo. Maaari mong sabihin ang nangyari at alamin ang proseso ng College pagdating sa mga reklamo at pagbibigay-parusa, at kung ano ang maaari mong maasahan. Kung gugustuhin mo, maaari kayong magkita sa personal. Kung pagpasyahan mo mang magsagawa ng pormal na reklamo, magsisimula kami ng imbestigasyon at ang taong sumusuporta ay maaasahan mong susuportahan ka sa buong panahon.

Malalaman ba ng doktor na nagreklamo ako?

Kapag nagpasya kang magreklamo, oo. Sa isang imbestigasyon, dapat sabihin ng College ang pangalan mo sa doktor upang makatugon siya.

Pahahalagahan ba nang husto ang aking reklamo?

Pinahahalagahan ba ng College ang kahit anong reklamo – tungkol sa sekswal na pang-aabuso o iba pang bagay– nang husto. Bilang bahagi ng aming pananagutang protektahan ang publiko, maingat naming iniimbestigahan ang lahat ng reklamo.

Kapag nagreklamo ako, paano ang magiging proseso?

Makikita sa **cpso.on.ca** ang iba pang detalye tungkol sa kung paano pinangangasiwaan ang mga reklamo at kung ano ang nakasalalay dito.

Paano pa makakatulong ang College kung ako ay sekswal na naabuso ng isang doktor?

Ang College ay nagbibigay ng pondo upang matugunan ang lahat ng gastusin sa therapy o counselling para sa mga pasyenteng naabuso ng kani-kanilang mga doktor. Pagkatapos mong magsumite ng isang aplikasyon, tutukuyin ng Komite sa Ugnayang Pampasyente (Patient Relations Committee) ng College kung ikaw ay kwalipikado. Pakibisita ang **www.cpso.on.ca/therapy** para sa impormasyong tungkol sa pondo. O tumawag sa 1-800-268-7096, ext. 211.